

# 'Sang buhay: kuwento ng isang Lasallian Volunteer

## Frances Santiago

Hindi ko ninais na maging boluntir. Dati simple lang ang aking pangarap--simpleng mansyon, simpleng kotse, simpleng mataas na sweldo, simpleng mataas na posisyon. Ewan ko ba kung ano na lang at nag-ibang bigla ang aking landas. Naging *"the path of most resistance"*, kumbaga.

Siguro nagsimula iyon nung nasa kolehiyo ako at nahatak ng kabarkada na sumama sa mga estudyanteng nagso-*social action*. *Sophomore* ako noon nang nakatikim ako ng pag-'serbisyo' sa mga Aeta. Serbisyo kuno, dahil ang pakay ko lang ay ang maglakwatsa at malaman kung ang Aeta nga ba ay nakabahag pa at nagpupugot talaga ng ulo. Noong nandoon na ako't kasama ng mga katutubo, tumambad sa akin ang katotohanan. Hindi pala sila nagpupugot ng ulo. Ibang tribo pala iyon. Ngunit ang nabagong kaalamang iyon ay hindi lamang ang aking naiuwi. Sa wari ko, pagbalik ko sa Maynila, ibang tao na ako. Hindi na ako puwedeng magpikit-pikitan na lamang sa kahirapan at kaibahan ng mga taong kaparte ko rin sa mundo.

Pagkatapos ng graduation, sumali ako sa *Lasallian Volunteer Program*. Kasama ako sa *Batch 3--labintatlong* bagong gradweyt na galing sa iba't ibang rehiyon, iba't ibang kurso at iba't ibang institusyon ng La Salle. Masayang malaman na marami pala kaming iisa ang puso't isipan bagamat iba-iba ang aming pinanggalingan. Sa buong grupo, tatlo kaming ipinadala sa Mindanao. Hanggang ngayon--sa lawak, sa lalim, sa yaman ng naranasan ko roon--hindi ko yata maikukwento nang buo ang nagawa para sa akin ng dalawang taon na ako'y naging boluntir.

Siguro sa maikling salita, doon ko talaga nakilala ang kahirapan--doon ko siya nahawakan sa kamay, doon ko siya natingnan sa mata, doon ko siya nadama sa aking puso. Iniwan ko man ang aking pamilya at barkada sa Maynila, kinupkop naman ako ng mga tao at hindi lang ako itinuring na titser kundi pati kapamilya't kaibigan. Sa totoo lang, kung sa simula ay akala ko napakarami kong isinakripisyo para mag-boluntir, masasabi ko ngayo'y mas higit naman ang ibinigay nito sa akin sa mga karanasang lubos na nagpayaman at nagpalalim ng aking buhay.

Noong simula rin, akala ko'y mapupunta ako sa bayan ng Muslim--hindi naman pala. Kaya kahit na nakatira na ako sa Ozamiz na halos lahat Kristiyano, pinilit ko talagang maghanap ng paraan na makapunta sa Iligan, Marawi, Zamboanga del Sur--basta kahit sinasabi ng tao na nakakatakot at di-dapat puntahan, dinadayo ko. Kasi nga naman, sa isip ko, doon ko kailangang pumunta kung ninanais ko talagang maging mulat sa totoong mga kwento't nangyayari.

Kung alam ko lang kung saan ako dadalhin ng lahat ng ito, siguro hindi ko na itinuloy at nagpakasasa na lang ako sa buhay *middle class* sa Maynila. O di kaya'y naghanap ng asawang mayaman. Mahirap rin itong mulat sa mga pangyayari. Iba na ngayon ang pagbasa ko sa aking mundo. Iba na rin ang pagbasa ko sa aking sarili. Nakakatakot, nakakagimbal dahil masalimuot at kompleks ang buhay pag ang dami mong nababasa. Minsan naisip kong mas masaya siguro ang buhay kung di ka nagpapaka-dalubhasa sa mga totoong takbo nito. Yung sunod ka lang nang sunod at sarili mo lang ang importante. Kasi pag ganoon, hindi ka masyadong masasaktan, hindi ka masyadong malalagay sa peligro.

Pero naisip ko rin na siguro mas masaya akong ganito ang paglasap ko sa mundo. Talagang kahit tuliro na ako sa dami nang aking iniisip at dinadama, ang tingin ko sa buhay ay makabuluhan at palaging may pagmamanghaan. Palagi ko nang nakakausap ang Diyos, mas lalo na ngayon na ako'y naghahanap ng dapat kong kalagyan. Ang dami kasing direksiyon na nakatambad sa harap ko, sobrang nalulula at nalilito ako sa mga pwedeng mangyari na di na ako makagalaw. Pag ganoon ay balik na naman ako sa dating gawi, ang magtanong sa Kanya kung nandoon ba Siya sa direksiyong iyon. Ewan ko kung kailan siya sasagot. Basta nakapagtanong na ako, iniwan ko na sa Kanya ang *"timing"*. Ang importante, hindi ako nag-iisa sa pagtahak ng buhay na ito.